


Kailan sobrang sama ng pakiramdam ng iyong anak para pumasok sa paaralan?

Ang pagpasok sa paaralan ay isang mahusay na senyales ng tagumpay sa paaralan at napapanahong pagtatapos sa eskuwela. Sinasabi ng Kagawaran ng Edukasyon na ang mga batang wala pang 9 na araw ang pagliban mula sa klsdr ay karaniwang mas mahusay ang pagganap sa paaralan. Gamitin ang mga tip na ito upang malaman kung ang iyong anak ay sobrang sama ng pakiramdam para pumasok sa paaralan.

Papasukin ang iyong anak sa paaralan kung sila ay...



Hindi maganda ang pakiramdam ngunit nakakasali sa mga normal na aktibidad.

Panatilihin ang iyong anak sa bahay kung sila ay...



Naduduwal at may lagnat na 100.4°F o mas mataas, positibo sa trangkaso o COVID-19, o hindi makalahok sa mga normal na aktibidad.

Nagsuka sa nakalipas na 24 oras.



Nagtae at dumalas ang pagdumi sa nakalipas na 24 oras.

May pamamantal na hindi alam ang sanhi. Maaari silang bumalik sa paaralan kapag sinabi ng isang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan na okay lang.



May kumakatas na sugat o sugat na hindi mo kayang takpan o pigilin.

Ito ay pangkalahatang gabay lamang. Ang mga paaralan, tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan, aprubadong plano ng pangangalaga ng isang mag-aaral, o ang Kagawaran ng Kalusugan ay maaaring magpayo nang iba batay sa indibidwal na mga kalagayan.

Tumawag sa isang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan kung sila ay...



May 100.4°F o mas mataas na temperatura nang higit sa 2 araw.



Nagsuka o nagtatae nang higit sa 2 araw.



May sipon nang higit sa isang linggo at hindi gumagaling.



May mga sintomas ng hika pagkatapos uminom ng gamot sa hika. Kung nahihirapan silang huminga pagkatapos gumamit ng inhaler, tumawag sa 911.